

Paano binuo, inaprubahan at ginawa ang bakuna sa COVID-19



Iniligtas ng bakuna ang buhay ng libo-libong Virginian sa nakalipas na mga taon. Ngayon, ang mga siyentipiko at mananaliksik ay nagsikap para maihatid sa atin ang bagong bakuna para labanan ang COVID-19.

BAWAT bakuna, kahit para saan man iyan, ay dumadaan sa maraming hakbang. Para sa bakuna sa COVID-19, **WALANG HAKBANG** ang nilagpasan. Ang pinansyal na aspeto sa proseso na ito ay pinabilis para matulongan tayong labanan ang virus na ito.



Sinisimulan ito sa Pagsusuri sa Lab

Ang mga siyentipiko at mananaliksik ay nagsisikap makuha ang pormula na maging bakuna. Bago ito maibigay sa mga tao, dumadaan ito sa malawakang pagsusuri sa lab.



Ang sumunod ay ang Klinikal Trial

Ang mga klinikal na pagsusuri ay nagsusuri sa kaligtasan, dosis at sa pagiging epektibo nito. Ang mga bakuna ay kailangang dumaan sa tatlong yugto sa hakbang na ito bago ito maiaalok sa publiko. Ang FDA* ay nagtatalaga ng patakaran para sa hakbang na ito.



Pinakahuli, Pag-apruba at Produksyon

Pinakahuli, Pag-apruba at Produksyon
Ang FDA ay nagrerepaso sa mga datos gal-ing sa mga pagsusuri at siyang nagbibigay ng hudyat sa paggawa nito. Maramihan ang paggawa ng bakuna para sa pamamahagi.

*Sino ang FDA? Ano ang ginagawa nito?

Ito ay grupo na hindi pampulitika, ang Food and Drug Administration (FDA) ay gumagamit ng pangangasiwa at regulasyon upang masiguro ang kalidad, kaligtasan at pagiging epektibo – tumutulong upang mapadali ang napapanahon na pagbuo ng bakuna sa COVID-19.

Ang bakuna ay aaprubahan lang ng FDA kung ito ay masuri na **LIGTAS at EPEKTIBO**



Clinical Trials

Ang mga boluntaryo sa buong bansa ay kusang nagboluntaryo sa pagpapabakuna para makita ng mga siyentipiko at medikal na propesyunal kung ano ang epekto sa kanila.

YUGTO 1: Kaligtasan

- Sinusuri ang kaligtasan at tinutukoy ang mga karaniwang reaksyon
- 20 - 100 mga boluntaryo

YUGTO 2: Pagiging epektibo

- Kumalap ng karagdagang impormasyon sa kaligtasan, pagkaepektibo, dosis at mga reaksyon
- Daan-daang mga boluntaryo

YUGTO 3: Kaligtasan + Pagiging Epektibo

- Ihambing ang mga reaksyon sa mga taong nabakunahan kumpara sa mga taong hindi
- Libo-libong mga boluntaryo



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano binuo, sinuri at ipinamahagi ang bakuna, bumisita sa vdh.virginia.gov/covid-19-vaccine o tumawag sa 877-ASK-VDH3.



VDH VIRGINIA
DEPARTMENT
OF HEALTH